ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LI Blg. 7
Abril 7, 2020
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Ang pandemyang Covid-19 ay hindi usaping pangkalusugan na lamang

Mula sa isang krisis sa pampublikong kalusugan, ang sitwasyong ibinunsod ng pandemyang Covid-19 ay mabilis na namumuo na isang krisis sa ekonomya, kabuhayan ng masa, at pulitika. Lalo pang dumarami ang kaso ng nahahawa at namamatay sa Pilipinas at buong mundo. Kasabay nito, lalo ring dumarami ang mga Pilipinong dumaranas ng gutom, hirap at pasakit dahil sa ipinataw na *lockdown* ni Duterte na wala namang kaakibat na puspusan, sapat at maagap na mga hakbanging pangkalusugan at pangkabuhayan.

Lubhang napakabagal ng gubyerno ni Duterte na ipatupad ang kailangang-kailangang malawakang pag-eeksamen bilang hakbang para sawatain ang pagkalat ng sakit. Matapos ang tatlong linggo, humigit-kumulang 19,000 pa lamang ang naeeksamen samantalang dapat ay maramihan itong isinasagawa sa mga komunidad. Sa kabila ng ibinigay na kapangyarihan kay Duterte na baguhin ang badyet ng bansa, kulang na kulang ang inilaang karagdagang pondo para suportahan ang mga manggagawang pangkalusugan at para palakasin ang mga pampublikong ospital para makaagapay sa pandemya. Napakabagal humakbang ng gubyerno sa harap ng mga kakulangan ng suplay, at nakaasa pangunahin sa inisyatiba ng pribadong sektor. Nalalantad pa ang korapsyon sa sobrang presyo sa pagbili ng mga kagamitan.

Habang nagtatagal, milyun-milyong mamamayan ang pinagtitiis ng gubyerno sa pinagdurusahan nilang gutom. Kulang na kulang ang inilabas na pondo para tustusan ang lahat ng nawalan ng trabaho at nawalan ng kita. Atrasadong atrasado ang pagbibigay ng ayuda at marami ang hindi nakatanggap. Nagtuturuan ang mga upisyal ng iba't ibang ahensya. Tumitingkad na kulang ang kaalaman at kakayahang mamuno ng gubyernong Duterte sa harap ng krisis. Umaasa ang marami sa mas mabilis at mas laganap pang ayudang ibinibigay ng mga boluntir na mga indibidwal, mga organisasyong masa, pribadong samahan, at iba pang grupo.

Kamay-na-bakal ang gamit ni Duterte sa pagharap sa krisis sa kalusugang pampubliko. Mga pulis at sundalo ang inilagay niya sa unahan at tuktok ng makinarya ng gubyerno na pantugon sa krisis pangkalusugan. Lalo niyang sinisikil ang mga karapatan ng mamamayan na magpahayag o magtipun-tipon. Hayagang pinagbantaan ni Duterte na ipababaril ang sinumang hindi

susunod o "lilikha ng gulo." Pinaghahari ni Duterte ang takot habang nabubuhay sa pangamba ang masang ginugutom ng *lockdown* at ng gubyernong pabaya.

Habang nagtatagal ang *lockdown* bilang tugon ni Duterte sa krisis pangkalusugan, lalong tumitingkad na kulang ang kakayahan ng kanyang gubyerno na pamunuan ang bansa sa panahon ng krisis at lahatang-panig na tugunan ang pangangailangan ng bayan. Lalo namang nagiging desperado ang milyun-milyong masang anakpawis at panggitnang uri sa kinakaharap nilang gutom, kasalatan at pagkasaid ng ipon at kawalan ng hanapbuhay.

Sa kanayunan, lalong nasasadlak sa hirap ang masang magsasaka dahil sa pagharang sa mga produkto, paghihigpit sa pagbiyahe at pagbili ng pagkain. Sa kabila ng idineklara ni Duterte na tigil-putukan, patuloy at lalo pang lumaganap ang mga operasyong kontra-insurhensya ng AFP at PNP. Hindi bababa sa 146 barangay ang kasalukuyang inookupa ng mga sundalo. May ilang lugar na nagbabahay-bahay ang mga sundalo na walang proteksyon sa mukha kontra sa pagkalat ng sakit. Sa tabing ng paglaban sa Covid-19, itinayo ang mga tsekpoynt upang limitahan o pagbawalan ang paggalaw ng mga tao para magtrabaho sa sakahan o bumili ng pagkain. Walang hinto ang panggigipit at "pagpapasurender" sa masa.

Upang labanan at tuluyang pigilan ang pandemya, obligado ang sambayanang Pilipino na tumindig, sama-samang kumilos at magtulung-tulong para pigilan ang pagkalat ng sakit at igiit sa gubyerno ang obligasyon nitong magbigay ng ayuda sa panahon ng krisis. Kasabay nito, kailangan nilang ipagtanggol ang kanilang mga karapatan at kagalingan na niyuyurakan sa militaristang solusyon ng rehimen.

Dapat patuloy nilang igiit ang pagwawakas sa *lockdown* at sa halip ay ipatupad ang mga hakbang tulad ng maramihang *screening* at *testing* sa mga komunidad para madaling ibukod at pigilan ang pagkalat ng bayrus. Dapat maglaan ng sapat na pondo para pakilusin, sanayin at bigyan ng sapat na kagamitan ang libu-libong mga manggagawang pangkalusugan at mga boluntir. Ngayon ang panahon na isigaw ang pagpapalakas ng mga pampublikong ospital sa halip na paggiba sa mga ito sa ilalim ng patakarang pagkaltas sa pondo sa mga serbisyong pangkalusugan.

Habang ipinatutupad ni Duterte ang *lockdown*, dapat igiit ng mamamayan ang mabilis na pagbibigay ng sapat na ayuda sa lahat. Dapat singilin ang rehimeng Duterte sa usad-pagong, kulang at kwestyunableng paraan ng pamamahagi ng ayuda.

Sa harap ng *lockdown*, sadyang pangunahing natitipon ang kolektibong hangarin ng mamamayang Pilipino sa mga komunidad ng maralita sa kalunsuran at kanayunan. Narito ngayon ang konsentrasyon ng pagdurusa ng sambayanan. Dapat mapanlikhang kumilos ang mga magkakapitbahay para sama-samang ipahayag ang hinaing at kahiligan ng buong bayan. Dapat maramihan silang kumilos upang labanan at pangibabawan ang mga banta ni Duterte na susupilin ang lahat ng pagkilos ng masa.

Upang harapin ang pandemyang Covid-19 at bilang tugon sa panawagan ng United Nations para sa "pandaigdigang tigil-putukan," nagdeklara ang Partido ng tigil-putukan noong Marso 26 na may bisa hanggang Abril 15. Itinuon natin ang mga yunit ng BHB sa pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan sa mga baryo kahit pa walang tigil silang ginagambala ng mga operasyon at mga pagsalakay ng AFP na nagresulta sa hindi bababa sa pitong armadong engkwentro. Sa harap ng walang-patid na mga opensiba ng AFP, pinaaalalahanan ng Partido ang lahat ng yunit ng BHB na panatilihing mataas ang disiplina sa lihim na pagkilos upang pagkaitan ang kaaway na sumalakay at panatilihing malawak ang maniobrahan para patuloy na makapagbigay ng serbisyo ang BHB sa masa. Dapat ring pakilusin ang lahat ng mga organisasyon at pwersa sa kanayunan para igiit ang mga

*"Pandemyang...," sundan sa pahina 3*

ANG Bayan

Tomo LI Blg. 7 | Abril 7, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Ang pandemyang Covid-19 ay hindi usaping pangkalusugan na lamang 1
Kumukulong galit ng mamamayan 3
Nasaan ang pera ng bayan? 4
Kahingian ng mga *frontliner* 5
Malawakang kasalatan 5
Serbisyong medikal ng Cuba 6
Bilanggong pulitikal, palayain! 6
1 milyong nahawa ng Covid-19 7
Klinikang bayan ng BHB 8
Ika-51 anibersaryo ng BHB 8
Alerto sa tigil-putukan 9
Pambobomba sa Bukidnon 10
Lider-magsasaka, pinaslang 11
ASF, pandemya sa hayop 12
Mga babuyan, lugi sa ASF 12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Galit at damayan sa panahon ng *lockdown*

Hindi napigilan ng *lockdown* ang pagsambulat ng galit ng mamamayan sa mga kapalpakan ng rehimen sa pagharap ng krisis ng pandemyang Covid-19.

Noong Abril 1, nagprotesta ang mga residente ng Sityo San Roque sa Barangay Bagong Pag-asa, Quezon City para ipanawagan ang kagyat na subsidyong pagkain. May halos 6,000 residente ang San Roque na karamiha'y mga malamanggagawa na umaasa sa arawang kita. Matagal nang tinatangka ng lokal na pamahalaan dito na palayasin sila sa lugar para bigyandaan ang pagtatayo ng mga *mall* at iba pang gusaling komersyal.

Imbes na tugunan, marahas na dinispers ng mga pulis ang mapayapang pagkilos at inaresto ang 21 raliyista. Idinetine sila at pinagbantaang hindi pakakawalan hanggang hindi matapos ang *lockdown*.



Sa isang nakabidyong pahayag ni Duterte kinagabihan, inutusan niya ang PNP na barilin ang sinumang "lalaban." Lalong pinag-alab ng kautusang ito ang kumukulong galit ng mamamayan.

Tumampok sa *social media* ang panawagang #OustDuterteNow (Patalsikin na si Duterte) pagkatapos ng kanyang talumpati. Maraming artista at kilalang personalidad ang nakiisa sa panawagan at nagpadala ng ayuda sa mga maralita. Marami ang nag-ambag para makalikom ng pampyansa ng mga inaresto (P15,000 kada isa o P315,000). Napilitan ang pulis na palayain ang 21 noong Abril 6. Gayunpaman, muling sinalakay ng PNP ang komunidad sa parehong araw. Marahas nilang binuwag ang itinayo ng mga residente na komunal na kusina.

Sa parehong araw, binuwag ng mga pulis ang barikada ng residente ng Barangay Didipio, Kasibu, Nueva Vizcaya. Hinarang ng taumbayan ang *fuel tanker* na ipinupuslit ng OceanaGold. Liban sa pagbabawal ng *lockdown*, iligal ang operasyon ng OceanaGold dahil may kautusan laban dito ang lokal na pamahalaan.

Magkakasunod na protesta ang inilunsad ng mamamayan para manawagan ng kagyat na ayuda. Sa Iloilo, nagprotesta ang mga residente sa harap ng himpilan ng DSWD Region VI noong Abril 3. Sa Camarines Norte, kinalampag naman ng mga drayber ng traysikel ang upisina ni Gov. Edgardo Tallado.

Dalawang beses namang sumugod (Marso 24 at April 2) ang mga residente ng Barangay Muzon, Taytay, Rizal sa *barangay hall* para igiit na bigyan sila ng ayuda.

**Protestang *online***

Idinaan sa *internet* ng maraming sektor, laluna ng kabataan at mga propesyunal, ang kanilang kumukulong galit laban kay Duterte dahil bawal ang paglabas sa bahay at mga pagtitipon. Tuluy-tuloy ang kanilang pagbatikos sa rehimen sa kainutilan nitong bigyan ng sapat na kagamitan tulad ng mga *face mask, thermal scanner* at *personal protective equipment* (PPE) ang mga manggagawang pangkalusugan.

Binatikos nila sa *social media* ang pagbibigay prayoridad sa pagpapaeksamen ng mga senador at kongresista sa gitna ng kasalatan sa mga *testing kit*. Lumaganap ang mga panawagang #NotoVIPTesting at #MassTestingNowPH, at iginiit ng mamamayan na dapat bigyan ng prayoridad ang mga duktor at nars, gayundin ang mga hinihinalang positibo sa Covid-19. Bahagi ng batayang mga hakbang na inirekomenda ng World Health Organization ang pagsasagawa ng *mass testing* o malawakang pag-eeksamen sa mga tao. Nag-anunsyo ang rehimen na magsasagawa ng *mass testing* mula Abril 14 pero para lamang sa mga taong may sintomas ng sakit

*"Galit...," sundan sa pahina 4*

*"Pandemyang...," mula sa pahina 2*

kahilingang pang-ekonomya at pagplanuhan ang pagpapataas ng produksyon ng pagkain bilang paghahanda sa posibleng kasalatan bunsod ng *lockdown* at pagtigil ng produksyon.

Habang nagmamatigas si Duterte sa kanyang paraang pasistang diktadura, patuloy niyang inihihiwalay ang sarili niya sa mamamayan. Dahil sa krisis ng Covid-19 na kagagawan din ng mga kabiguan ng kanyang rehimen, lalong umalingasaw ang kanyang baho. Nayuyugyog ang kanyang rehimen bunga ng pagkitid ng suporta. Sa bawat buka ng maruming bibig at maling mga hakbang ni Duterte, lalo niyang ginagatungan ang malawakang galit at pinag-aalab ang tapang ng bayan. Paminsan-minsan siyang umaatras upang pakalmahin ang sitwasyon. Mapatutunayan pa kung mapipigilan niya ang pagkulo ng galit ng sambayanan o siya ang tuluyang malalapnos.

Ang napakalaking hambalos ng pandemyang Covid-19 sa Pilipinas ay naglalantad sa kabulukan at pundamental na kontradiksyon ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal sa bansa. Tumambad ang kawalang kakayahan ng naghaharing estado na tugunan ang pangangailangan ng bayan. Lalong naging malinaw ang pangangailangan para sa rebolusyonaryong pagbabago upang itayo ang bagong sistema ng demokrasyang bayan na tunay na magtataguyod sa kagalingan at interes ng mamamayang Pilipino. AB

## Nasaan ang pera ng bayan?

Hindi lamang kulang, kundi sadyang limitado, ang ipinamamahaging P200-bilyong ayudang pinansyal ng rehimeng Duterte. Ito ang lumalabas sa unang bugso ng pamamahagi ng rehimen ng P5,000-P8,000 ayuda para ibsan ang gutom at hirap na dulot ng militaristang *lockdown*. Para magkasya ang badyet, nagtakda ang rehimeng Duterte sa lokal na mga gubyerno ng "kota" o kung ilang pamilya lamang ang makatatanggap ng ayuda.

Sa Valenzuela, limitado sa 95,000 pamilya ang mabibigyan ng ayuda. Mahigit kalahati (61%) lamang ito sa kabuuang 155,000 pamilyang nakatira sa syudad. Reklamo ng meyor dito kung paano itinakda ng DSWD ang mga benepisyaryo at kung paano mabubuhay ang 60,000 pamilyang hindi mabibigyan ng ayuda.

Sa ibang mga syudad sa National Capital Region (NCR), wala pa sa kalahati ng kabuuang bilang ng mga pamilya ang mabibigyan ng ayuda. Sa Manila, 185,000 lamang ang naitalang bibigyan (43%) gayong nasa 435,237 ang mga pamilya rito. Sa Parañaque, 77,764 (o 49%) lamang sa 160,000 pamilyang nakatira rito ang mabibigyan.

Mas malala ang kalagayan sa mga prubinsya labas sa NCR. Nagkakandarapa ngayon ang mga lokal na upisyal na punan ang malaking kakulangan.

Giit nila, hindi dapat ang pinakamahihirap lamang ang binibigyan ng ayuda at kumpensasyon. Apektado ang lahat ng pamilya sa isangbuwang *lockdown*. Marami sa mga manggagawa at empleyado, regular man o kontraktwal, ang nawalan ng mapagkakakitaan at trabaho. Wala silang ibang mapagkukunan ng pondo labas sa subsidyo ng gubyerno.

Sa datos mismo ng rehimen, nasa P100 bilyon pa lamang ang naibigay sa DSWD noong Abril 3. Nasa P100 milyon din ang naibigay sa DOLE para sa mga manggagawang nawalan ng trabaho; at P100 milyon sa DOH para sa ayudang medikal ng mga taong may iba't ibang sakit. Binigyan naman ng P52 milyon ang DOST para sa paggawa ng mga *testing kit*. Samantala, kasinlaki ang ibinigay nito sa PNP (P52.3 milyon) sa di klarong dahilan. Kung pagsasamahin, mahigit kalahati na ito sa P275 bilyong ipinangako ni Duterte.

Mahigit dalawang linggo nang naghihintay ang mamayan ng nararapat na ayuda at kumpensasyon. Dumadami na ang nagugutom. Ikinagagalit nila ang mabagal na pamimigay lalupa't ito ang ginawang dahilan ni Duterte para apurahin ang pagkuha niya ng *emergency powers.* Ibinubunton ni Duterte ang sisi sa mga lokal na upisyal at inaakusahan silang mga kurakot at makupad. Pero malinaw sa mamamayan na si Duterte mismo at ang kanyang Inter-agency Task Force na tinatauhan ng mga upisyal militar ang inutil at walang kakayahang itawid ang bansa sa krisis. AB

---

*"Galit...," mula sa pahina 3*

at manggagawang pangkalusugan.

Tumampok din ang #NasaanAngAyuda para singilin ang rehimen sa mabagal na distribusyon at limitadong tulong pinansyal.

Hindi rin nila pinalampas ang panggigipit ng mga tauhan ni Duterte kay Vice President Leni Robredo at Mayor Vico Sotto ng Pasig na, taliwas sa pambansang gubyerno, ay kapwa hinangaan dahil sa pagkakawanggawa sa mga manggagawang pangkalusugan at mga pinahirapan ng *lockdown*. Malawak na suporta rin ang natanggap ni Atty. Chel Diokno, na nagboluntaryong magbigay ng serbisong ligal sa mga iniipit ng NBI, nang batikusin at kutyain siya ni Duterte.

Tumampok noong Abril 5 ang #DefendPressFreedom bilang pagtatanggol kay Joshua Molo, *editor-in-chief* ng Dawn, pahayagang estudyante ng University of the East. Binantaan si Molo na ikukulong kung hindi siya humingi ng tawad kaugnay sa kanyang mga kontra-Duterte na pahayag sa Facebook.

**Damayan sa pagsugpo sa Covid-19**

Dahil hindi ramdam ang ayuda ng gubyerno, buhos ang pagsisikap ng iba't ibang grupo at indibidwal para magbigay ng tulong sa mga manggagawang pangkalusugan at mga maralita. Ito ay habang pinagsisikapan ng lokal na mga upisyal ng gubyerno na pagkasyahin ang limitadong rekurso sa pagharap sa pangangailangan ng mga residente.

Sa pamamagitan ng kampanyang #BarangayDamayan na inisyatiba ng Kadamay, namamahagi ang grupo ng *relief goods* sa iba't ibang maralitang komunidad. Pinangunahan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas ang Sagip Kanayunan upang makatulong sa mga magbubukid ng Batangas at Bulacan. Inilunsad din nito ang kampanyang Bagsak-Ahon Gulay Sale kung saan ang mga inaning gulay ng mga magsasaka sa Bulacan ay ibinebenta *online*. Namahagi rin ng ayuda ang Kilusang Mayo Uno sa mga manggagawa sa Caloocan at Quezon City sa pamamagitan ng kampanyang #TulongObrero.

Mula sa nakulektang mga donasyon, namahagi ng mga *isolation tent* si Angel Locsin sa iba't ibang ospital sa Luzon para makatanggap pa ang mga ito ng dagdag na mga pasyenteng may sintomas ng Covid-19. May kani-kanya ring pagsisikap ang iba pang mga artista at manggagawa para makalikom ng tulong.

Maraming Pilipino ang humugot sa kanilang mga bulsa para tumulong magparami ng mga *face mask* at iba pang pangangailangan ng mga ospital. Namigay ng libreng lutong pagkain ang mga restoran, karinderya at ordinaryong mamamayan. Ang mga may sasakyan ay nag-alok ng mga libreng sakay, libreng deliberi at iba pang serbisyo. AB

# Makatarungang kahingian ng mga *frontliner*

Nangunguna sa laban sa pandemyang Covid-19 ang tinatawag na mga *frontliner*—ang mga manggagawang gumagampan ng delikadong mga tungkulin sa pag-aasikaso sa mga pasyenteng nahawa ng sakit. Sila ang mga duktor, nars, teknisyan at iba pang mga manggagawang pangkalusugan. Para makagampan ng maayos ng kanilang mga tungkulin, inilinaw nila ang kanilang kagyat na mga pangangailangan, gayundin ang kanilang makatarungang mga kahilingan.

Panguhanin dito ang kagyat na pagbibigay ng gubyerno ng mga *personal protective equipment* (PPE) ng mga manggagawang pangkalusugan. Binubuo ang PPE ng kasuotan, *helmet, face shield* at iba pang gamit na nakadisenyo para protektahan ang nagsusuot nito laban sa impeksyon. Ang kakulangan nito sa mga ospital ang pinakamatingkad na peligrong kinakaharap ng mga *frontliner*. Ayon sa Alliance of Health Workers, 26 na manggagawang pangkalusugan na ang nagpositibo sa sakit sa Maynila pa lamang dahil sa kakulangan ng PPE. Hindi bababa sa 12 duktor na ang nahawa at namatay sa sakit.

Kaugnay nito, hiling din ng mga *frontliner* ang libre at kung kinakailangan, regular na pag-eksamen sa mga manggagawang pangkalusugan.



Dapat ding mag-empleyo at magsanay ng mga regular na manggagawang pangkalusugan upang gumamot sa mga pasyente. Noong 2018, 47% sa mga baryo sa buong bansa ang walang lokal na sentrong pangkalusugan. Kung mayroon man, walang garantiya na may madaratnang duktor o nars na mag-aasikaso sa mga dudulog na pasyente. Lubhang napakalayo ng tumbasang isang duktor sa bawat 33,000 pasyente kumpara sa internasyunal na pamantayan na isang duktor sa bawat 1,000 pasyente. Sa kaso naman ng akomodasyon ng mga pasyente, hindi pa umaabot sa 10 kama sa mga ospital ang nakalaan sa bawat 10,000 indibidwal.

Mula dekada 1980 ay hindi pa umabot sa 5% ng *gross domestic product* ng bansa ang inilalaan ng gubyerno sa badyet pangkalusugan. Sa kaso ng Research Institute for Tropical Medicine (RITM), binawasan pa ang badyet nito nang 57% noong 2017. Ang RITM ang nangunguna sa pag-eksamen ng mga may sintomas ng Covid-19.

Kasama rin sa listahan ng mga hinihingi ng mga *frontliner* ang dagdag na sahod, *hazard pay* at katiyakan sa trabaho.

---

# Malawakang kasalatan sa pagkain, nagbabadya

Nagbabadya ang malawakang kasalatan sa pagkain sa National Capital Region at buong bansa. Marami na sa mga magsasaka at komersyante ang nalulugi dulot ng mga restriksyong ipinataw ng militaristang *lockdown* ng rehimeng Duterte. Marami na ang nagsabing mapipilitan silang tumigil ng produksyon. Tiyak na lalupang hihirap ang kalagayan ng mamamayan sa harap ng pahayag ng rehimen na palalawigin pa nang hanggang Abril 30 ang *lockdown*.

Kulang na kulang na ang mga produktong agrikultural na nakapapasok sa National Capital Region mula nang ipataw ang *lockdown*. Walang dahilang hinaharang sa mga tsekpoynt ang mga trak na nagdadala ng gulay at karne. Taliwas ito sa deklarasyon ng rehimen na hindi haharangin ang mga sasakyang nagdadala ng kinakailangang pagkain at kargamento.

Sa unang mga linggo, tone-toneladang gulay ang naiulat na itinapon na lamang ng mga magsasaka o hindi kaya'y ipinakain sa mga hayop. May ulat din na maraming magsasaka ang natulak na ibenta ang kanilang produkto sa napakababang halaga. Halimbawa nito ang petsay na ibinibenta na lamang nang P3/kilo gayong nasa P60/kilo ito sa nakaraan.

Pinakalugi ang mga magsasaka ng Benguet at Mountain Province, ang mga prubinsyang pangunahing nagsusuplay ng gulay sa Metro Manila. Dati na silang nagdurusa sa napakababang presyo ng pagbili ng kanilang mga produkto. Ngayon, itinigil na ng maraming negosyante ang pagbili dahil hindi nila maihatid sa mga palengke ang mga ito. Malaking bahagi na ng kanilang ani ang natambak at hindi naibenta. Maliit na bahagi lamang nito ang kinakayang bilhin ng mga lokal na gubyerno.

Apektado rin sa *lockdown* ang mga negosyante sa pagmamanukan (*poultry*) sa Central Luzon at Calabarzon na pinagmumulan nang halos kalahati ng kabuuang suplay ng manok at itlog sa buong bansa. Hindi rin nila maibyahe at maibenta ang kanilang mga produkto. Dahil natatambak ang mga ito, artipisyal na tumataas ang suplay sa nasabing mga rehiyon na dahilan ng pagbaba ng presyo ng kanilang mga produkto.

Ayon sa mga negosyante, bumagsak tungong P30-P50/kilo ang

*"Malawakang...," sundan sa pahina 6*

## Cuba, sulo ng pandaigdigang pagkakaisa at serbisyong medikal

Nangunguna ang Cuba, isang maliit na bansa sa Latin America na ginigipit ng imperyalismong US, sa pakikiisa at pagbibigay ng serbisyong medikal sa mga mamamayan ng daigdig para labanan ang pandemyang Covid-19. Maagap itong nagpadala ng mga brigadang medikal para tumulong sa pinakatinamaang mga bansa. Noong Marso 18, pinayagan nitong dumaong at tinulungan ang MS Braemar, isang barkong British, matapos itong tanggihan ng ibang mga bansa nang malamang may dala itong mga nahawa ng sakit.

Inialok ng Cuba sa anumang bansang nangangailangan ang isang gamot na maaaring makasalba sa mga pasyenteng nagpositibo sa Covid-19. Ang naturang gamot, na tinaguriang Interferon Alpha 2-B, ay pinauunlad ng mga syentistang Cuban mula pa dekada 1980 bilang pangontra sa *dengue*, HIV, *hepatitis* at iba pang *viral* na sakit. Pinalalakas nito ang produksyon ng *interferon* (isang grupo ng mga protina) sa katawan ng pasyente para palakasin ang kanyang resistenya at labanan ang sakit. Ang sakit dulot ng Covid-19 ay walang gamot at nilalabanan lamang ng resistensya ng tao.

Magkatuwang na pinaunlad ng mga syentista ng China at Cuba ang naturang gamot. Minamanupaktura at ginagamit ito sa China mula pa Enero. Ayon sa mga syentista, pinakaepektibo ito kung naibibigay sa maagang bahagi ng impeksyon o bilang hakbang na pang-iwas. Isa ang *interferon alpha* sa 30 gamot na pinag-aaralan ngayon ng World Health Organization (WHO) na irekomenda bilang gamot laban sa Covid-19. Lalahok ang walong ospital sa Pilipinas sa gagawing internasyunal na eksperimento ng WHO.

Ayon sa Cuba, sapat ang kanilang suplay ng Interferon Alpha-2 para sa libu-libong mga pasyente. Handa rin itong magmanupaktura ng dagdag kung kinakailangan. Samantala, nagpahayag ng kahandaang tumulong ang halos kalahating milyong manggagawang pangkalusugan ng Cuba kung sila'y ipapatawag. Nasa 45 bansa na ang humingi ng tulong, ayon sa Cuban Health Workers Union noong Marso 30. Sa Pilipinas, naghapag na ng petisyon noong Abril 5 si Bayan Muna Rep. Euphemia Cullamat para hingin ang tulong ng Cuba.

Sa ngayon, mayroong 28,000 manggagawang pangkalusugan ang Cuba na nagseserbisyo sa 60 bansa. Ang programa ng pagpapadala ng mga brigadang medikal ay sinimulan ng dati nitong presidente na si Fidel Castro mula pa 1963. Nakapagbigay-serbisyo na ito sa mahigit 160 bansa sa buong mundo. AB

### 609 bilanggong pulitikal, palayain!

IPINANAWAGAN NG Karapatan ang agarang pagpapalaya sa 609 bilanggong pulitikal sa bansa, laluna ang matatanda at may malulubhang karamdaman. Ito ay upang mailayo sila sa masikip at bulnerableng kundisyon sa mga kulungan sa panahon ng pandemyang Covid-19.

Binigyan ito ng bagong tulak matapos manawagan si United Nations High Commissioner for Human Rights Michelle Bachelet na magpalaya ang mga bansa ng mga bilanggo para ibsan ang pagsisiksikan sa mga kulungan. Tumugon na sa panawagang ito ang Iran, Brazil at iba pang bansa.

Naglunsad din ang grupo ng kampanyang #SetThemFree at #FreePoliticalPrisonersPH sa *social media.* Bago nito, nanawagan ang mga simbahan na palayain ang mga detenidong pulitikal, kabilang ang National Council of Churces of Philippines at ang Archdiocese ng San Carlos.

Malaking bahagi (209) ng mga bilanggong pulitikal na inaresto sa panahon ni Duterte ay mga magsasakang inakusahang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan. AB

*"Malawakang...," mula sa pahina 5*

presyo ng manok na mas mababa pa sa tinatayang P70/kilong gastos nila sa produksyon. Sa kabilang banda, tumaas naman ang presyo nito sa mga pamilihan sa Metro Manila bunsod ng limitadong suplay. Sa pinakahuling ulat, umabot na sa P160/kilo ang abereyds na presyo nito sa Metro Manila, mas mataas nang P30 sa itinakdang presyo na P130/kilo. Daing din ng mga negosyante na nabubulok na lamang ang mga itlog ng manok dahil hindi sila makabenta.

Dagdag pa rito, mahigit 800 *container van* na naglalaman ng inangkat na mga gulay, prutas, karne at suplay medikal ang nakatambak lamang at hindi mailabas sa mga pantalan ng Maynila.

Samantala, nagbanta ang multinasyunal sa mga *export-processing* zone na ilipat ang kanilang mga operasyon sa ibang bansa kung hindi sila papayagang magbukas at mag-opereyt. Hinihikayat nila ang rehimen na pahintulutan ang limitidong operasyon ng kanilang mga pabrika. Gayunpaman, wala silang inialok na pondo o ipinahayag na mga hakbang pangkaligtasan at nararapat na kumpensasyon para sa mga manggagawa. Bahagi ng *lockdown* ang pagtigil sa operasyon ng kalakhan ng mga pagawaan sa mga engklabo. AB

# Nahawa ng Covid-19, higit 1 milyon na

Lampas na sa 1.2 milyon sa 204 bansa at teritoryo ang kumpirmadong nahawaan ng Covid-19 sa buong mundo noong Abril 6. Mahigit 52,000 na ang namatay mula nang unang lumitaw ito sa China noong nakaraang taon. Mas mataas pa malamang ang totoong bilang, ayon sa mga eksperto sa pandemya, dahil maraming kaso ang hindi naiuulat sa World Health Organization (WHO). Maraming mga bansa ang hindi nagsagawa ng *mass testing* o malawakang pag-eeksamen (kabilang ang Pilipinas at ilang bansa sa Africa) at may mga bansang pinaghihinalaang itinatago ang lawak ng impeksyon.

Pagsapit ng huling linggo ng Marso, mahigit dalawang bilyong tao na ang nakabukod (*quarantine*) at nananatili sa kanilang mga bahay para ipatupad ang "social distancing" o ang pisikal na paghihiwa-hiwalay ng mga tao para maiwasan ang mabilis na pagkalat ng *virus*. Malawakang isinara ang mga pabrika, ipinatigil ang mga byahe papasok at palabas ng mga bansa at pinagbawal ang malalaking pagtitipon. Pinakamahigpit ang ipinatupad na *lockdown* o pwersahang pagbubukod sa China, India, France, Italy, New Zealand, Poland at UK.

Malubhang tinamaan ang mga sentro ng kapitalismo. Pinakamarami ang nahawa sa US, kung saan nasa 366,906 na naitalang may impeksyon, at nasa 10,868 ang namatay noong Abril 6. Sentro ng *outbreak* ang New York City, kung saan 4,758 ang namatay at 131,239 ang nahawaan. Ito ay kahit maagang nagsara ng hangganan ang US sa China, nagbawal ng pagbyahe papunta at papasok doon, at nagpatupad ng pagbubukod sa mga nanggagaling doon. Noong Marso 13, idineklara ni Trump bilang *national emergency* ang pagkalat ng *virus* at naglaan ng $50 bilyon para agapan ang matitinding epektong pangkalusugan at sosyo-ekonomiko nito. Karamihan ng lokal na mga estado rito ay nagpatupad ng boluntaryong pagbubukod.


Katulad sa maraming bansa, dumaranas ng kasalatan ng mga *ventilator* (makinang nagbubuga ng *oxygen* para matulungang huminga ang pasyente), *mask* at iba pang *personal protective equipment* ang mga ospital at klinika sa US. Siksikan ang mga pasyente sa mga ospital, at halos di makaagapay ang mga morge sa dami ng namamatay.

Sa Europe, pinakatinamaan ang Italy, Spain, France, Germany at United Kingdom kung saan 626,140 ang naitalang nahawa at 33,498 ang namatay noong Abril 6. Pinakamarami ang namatay sa Italy (16,523) at Spain (13,341). Malayong mababa ang bilang ng namatay sa Germany (1,810) bagamat umabot sa 103,374 ang nahawaan sa kanila. Ayon sa mga eksperto, ito ay dahil sa maagap na *mass testing* na umaabot sa 500,000 kada linggo at paghahanda ng mga pasilidad para sa malulubhang kaso. Liban sa UK at Italy, boluntaryong pagbubukod din ang ipinatupad sa kalakhan ng Europe.

Sa China, nasa 81,708 na ang nahawa at 3,331 ang namatay. Matataas din ang bilang ng mga nahawa sa Iran, Turkey at Canada. Pagsapit ng Abril, nagsimula nang tumaas ang bilang ng impeksyon sa Brazil at iba pang bansa sa Latin America. Sa Pilipinas, mayroon nang 3,660 naitalang nahawa at 163 namatay sa sakit pagsapit ng Abril 6.

Ayon sa WHO, nasa 3% ang pangkalahatang tantos ng namamatay sa mga nahawa. Pinakabulnerable sa sakit ang matatanda (60 anyos pataas) na dati nang may sakit sa puso o *diabetes.*

Habang nagkakandarapa sa pagtugon sa krisis sa kalusugan, hinaharap ng mga gubyerno sa mundo ang pagkitid ng kani-kanilang mga ekonomya at malawakang pagkawala ng mga trabaho. Tinataya ng mga unyon sa Europe na aabot sa isang milyong trabaho ang mawawala dulot ng pagsara ng mga pabrika, eskwelahan, negosyo at pagbabawal sa malalaking pagtitipon. Mas mababa ito kumpara sa 10 milyon nang trabaho na nawala sa US, kung saan 6.6 milyon ay nawala sa loob lamang ng huling dalawang linggo noong Marso. AB



# Klinikang bayan, pagkain at produksyon, tugon ng BHB sa Covid-19

Higit 1,000 magsasaka ang nabigyan ng serbisyong medikal ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros (Leonardo Panaligan Command) noong huling linggo ng Marso. Tugon ito sa panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) na maglunsad ng kampanyang pangkalusugan bilang pagharap sa pandemyang Covid-19. Pinagtuunan ng mga medik ng pansin ang matatanda at buntis. Nagsagawa sila ng mga tsek-ap at namahagi ng mga pinrosesong halamang gamot para sa lagnat, ubo at sipon. Namigay din ang BHB ng mga bitamina bilang panlaban sa sakit. Kasabay nito ang kampanya sa impormasyon hinggil sa pandemya.

Katuwang ng BHB sa pagdaos ng klinikang bayan ang mga komite sa kalusugan ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa. Tumulong din ang mga boluntir ng Makibaka at Kabataang Makabayan.

Sa Bicol, 260 pamilya mula sa tatlong barangay ang nabahaginan ng yunit ng BHB ng bigas noong huling linggo ng Marso. Apektado na ang mga barangay na ito ng krisis sa pagkain na dulot ng *lockdown* ng rehimen. Pinangasiwaan ng yunit ng BHB at mga rebolusyonaryong organisasyong masa ang pamamahagi ng pangkagipitang ayuda sa mga pamilyang apektado. Ang pondong ginamit para rito ay mula sa nalikom na rebolusyonaryong buwis.

Naglunsad din ng mga kampanya sa impormasyon ang mga yunit ng BHB sa isla ng Panay, prubinsya ng Quezon, at iba pang mga eryang kinikilusan ng hukbong bayan.

Ang mga pagsisikap na ito ay bahagi sng tugon sa panawagan ng PKP na agapan ang kalagayan ng mamamayan. Kasabay nito, kailangang itulak ang produksyon sa mga rebolusyonaryong teritoryo. Inilabas ang panawagan sa harap ng tumitinding mga pahirap na resulta ng mga pagbabawal sa *lockdown* ng rehimeng Duterte sa Luzon at iba pang bahagi ng bansa. Atas din ng Partido na paigtingin ang gawaing

*"Klinikang...," sundan sa pahina 9*

## Ika-51 taong anibersaryo ng BHB, ipinagdiwang

Ipinagdiwang ng Bagong Hukbong Bayan ang ika-51 taong anibersaryo nito sa gitna ng krisis pangkalusugan na dulot ng Covid-19. Nagtipon ang mga Pulang mandirigma at mamamayan sa mga pansamantalang himpilan sa iba't ibang lugar.

Dinaluhan ng higit 2,000 magsasaka ang pagdiriwang ng BHB-Central Negros (Leonardo Panaligan Command). Nagkaroon ng mga kultural na pagtatanghal ang BHB na kumilala sa dakilang ambag ng hukbong bayan sa isla. Ginunita nila ang mga naging biktima ng Oplan Sauron at walang habas na pamamaslang sa isla. Kasabay ng programa, naglunsad ang hukbong bayan ng klinikang bayan.

Nakasuot naman ng *face mask* ang mga Pulang mandirigma ng BHB-Negros (Apolinario Gatmaitan Command) sa inilunsad na pagtitipon. Ito ang kanilang simbolikong pakikiisa sa paglaban ng mamamayang Pilipino sa Covid-19. Nakasentro ang pagdiriwang sa pagbibigay kaalaman hinggil sa Covid-19 at tamang nutrisyon para makaiwas sa mga sakit. Inilunsad din ng BHB-Negros ang *Ispading*, librong naglalaman ng mga akda at sining ng rebolusyonaryong kilusan ng isla.

Higit 100 Pulang mandirigma at residente ng kalapit na mga baryo ang nagtipon sa isang larangan sa Bicol. Tampok sa programa ang mga sayaw, kanta at mensahe ng pakikiisa mula sa mga rebolusyonaryong organisasyon. Tema ng mga selebrasyon ang: "Biguin ang digmang panunupil ng rehimeng US-Duterte! Ibayong palakasin ang Bagong Hukbong Bayan at lahatang-panig na isulong ang digmang bayan!" Nilaman ng mga talumpati ng mga mandirigma ang pagharap ng hukbong bayan at mamamayan sa sakit na Covid-19 at paghahanda sa idudulot nitong krisis sa kanayunan.

Sa pahayag nito, nananawagan ang BHB-Bukidnon nang higit pang paglaban sa harap ng tuluy-tuloy na




nakapokus na operasyong militar sa prubinsya. Noong nakaraang taon, nakapagtala ng 72 armadong aksyon ang BHB dito na nagresulta sa 152 napatay at 94 sugatang sundalo. Ayon kay Ka Dereka Magtanggol, lokal na tagapagsalita, simula 2018 ay umaabot na sa 84 bomba ang inihulog at 395 bala ng kanyon ang ginamit ng AFP sa mga kabunudukan ng prubinsya.

Naglabas rin ng kani-kanyang mga pahayag ang yunit ng BHB mula sa rehiyon ng Southern Tagalog, Panay, Bicol at ang mga prubinsya ng Kalinga, Abra at Mindoro. AB

# Dagdag na alerto at pag-iingat, kailangan sa panahon ng tigil-putukan

Nanawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ng dagdag na alerto at pag-iingat sa lahat ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa panahon ng tigil-putukan. Ito ay sa harap ng walang lubay na pang-aatake ng mga yunit ng militar at pulis sa iba't ibang bahagi ng bansa. Isinasagawa ang mga atakeng ito sa kabila ng idineklarang tigil-putukan ni Rodrigo Duterte noong Marso. May bisa ang unilateral na deklarasyon ng rehimen mula Marso 19 hanggang Abril 15.

Nananawagan din ang Partido na higit pang pahigpitin ng BHB ang lihim na pagkilos para gawing bulag at bingi ang mga yunit ng AFP at pagkaitan sila ng pagkakataong salakayin ang hukbong bayan. Ito ay para mabigyan ng pinakamaraming pagkakataon ang mga Pulang mandirigma na magsagawa ng kinakailangang mga hakbang para tulungang maghanda ang mamamayan laban sa pagkalat ng Covid-19. Gayunpaman, kailangang lagi pa rin silang handa na ipagtanggol ang sarili at ang mamamayan sa mga opensibang operasyon ng AFP.

Positibong tumugon ang Partido sa panawagan ng United Nations para sa isang pandaigdigang tigil putukan para ituon ang pansin sa paglaban sa pandemyang Covid-19. Noong Marso 19, inatasan ng Partido ang lahat ng kumand at yunit ng hukbong bayan at milisyang bayan na itigil at iwasan ang paglulunsad ng mga opensibong operasyon laban sa mga yunit at tauhan ng AFP at PNP. Hinimok nito ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa na patuloy na ituon ang kanilang panahon sa paglulunsad ng mga kampanya sa kalusugan at pagbibigay ng libreng mga serbisyong medikal para pigilan ang pagkalat ng Covid-19. Tatagal hanggang Abril 15 ang tigil-putukan ng BHB.

Ang PKP ang pinakaunang pwersang nakikidigma na tumugon sa panawagan ng UN para sa tigil-putukan. Pinuri ito ng UN at sinabi sa isang pahayag na ito ay "magsisilbing halimbawa sa buong mundo." Inianunsyo ng UN noong Abril 4 na positibong tumugon sa panawagan ang 11 pang bansa, kabilang ang reaksyunaryong estado ng Pilipinas.

**Tuluy-tuloy na opensibang militar**

Hindi lamang ang sariling tigil-putukan, kundi pati ang sinang-ayunan nitong pandaigdigang tigil-putukan, ang nilalabag ng rehimen sa paglulunsad ng mga operasyong militar sa harap ng pandemyang Covid-19. Nilulustay nito ang pon-


*"Dagdag...," sundan sa pahina 10*

---

*"Klinikang...," mula sa pahina 8*

pang-ekonomya sa mga rebolusyonaryong teritoryo.

Sa aktwal, hindi lamang sa Luzon ang *lockdown*. Maraming lokal na gubyerno ang nagpataw ng sapilitang pagbubukod at pagsasara ng mga hangganan. Tigil ang mga operasyon ng negosyo, transportasyon, eskwelahan, simbahan at iba pang sosyo-ekonomikong aktibidad sa maraming prubinsya. Dahil dito, walang kinikita ang mayorya at hirap silang bumili ng pagkain, gamot at iba pang pangangailangan. Sa ilang prubinsya, tanging ang simbahan pa lamang ang namamahagi ng ayuda. Makupad, kung meron man, ang ibinibigay na tulong ng mga lokal na pamahalaan. Lalong walang subsidyo mula sa pambansang gubyerno.




Sa gayon, hinikayat ng Partido ang mga yunit ng BHB at mga rebolusyonaryong organisasyong pangmasa na magplano ng pagtatanim ng pagkaing pangkagipitan. Kabilang dito ang palay, kamote at iba pang halamang-ugat, saging, mais, petsay at iba pang gulay na maaaring anihin sa loob ng maiksing panahon.

Ilunsad ang mga kumperensyang pang-ekonomya, panawagan ng PKP. Tatasahin sa mga ito ang mga pangangailangan at imbak, at kakayahan sa produksyon ng mga samahan. Mula rito ay magbuo ng planong sasaklaw sa natitirang mga buwan.

Hinimok din ng Partido ang mga panginoong maylupa na ipagamit ang kanilang mga lupain nang walang upa. Hiningi rin sa kanila na magbigay ng tulong pinansyal, pagpapagamit ng mga pasilidad at iba pang rekurso. Gayundin, hinikayat ng Partido ang mga lokal at internasyunal na ahensya't organisasyon na magbigay ng lahat ng tipo ng tulong sa mamamayan sa kanilang produksyon.

"Dagdag...," mula sa pahina 9

dong maaari sanang ilaan sa paglaban ng pandemya sa walang lubay at magastos na mga operasyong kombat, *psywar, drone surveillance* at pambobomba nito sa mga sibilyang komunidad. Base sa inisyal na mga ulat na natipon ng *Ang Bayan,* tuluy-tuloy na nagsasagawa ang AFP ng mga operasyon sa 80 bayan at syudad, saklaw ang 146 barangay sa nakaraang dalawang linggo.

Ilang araw matapos manawagan si Duterte ng tigil-putukan, ipinagmayabang ng 8th IB ang inilunsad nitong reyd laban sa kampo ng BHB sa Sityo Bendum, Barangay Busdi, Malaybalay City, Bukidnon.


Sa Quezon, inatake ng 85th IB noong Abril 1 ang isang yunit ng BHB sa Barangay Ilayang Yuni, Mulanay. Isa pang yunit ng hukbong bayan ang nireyd ng mga sundalo ng 59th IB sa Barangay Mabunga, Gumaca noong Marso 31. Ayon sa BHB-Quezon, tuluy-tuloy ang operasyong kombat ng AFP sa 10 bayan ng prubinsya.

Inatake din ng 80th IB ang isang yunit ng BHB na nagsasagawa ng misyong medikal sa Barangay Puray, Rodriguez, Rizal noong Marso 28. Pinalabas ng AFP na nanguna ang BHB sa pag-atake. Taliwas ito sa mismong spot report ng 2nd ID na sila ang nagsagawa ng *combat patrol* laban sa BHB.

Noong Abril 2, isa pang yunit ng hukbong bayan ang inatake ng 44th IB sa Barangay Balagon, Silay, Zamboanga Sibugay. Isang kampo rin ng BHB ang inatake ng parehong yunit sa Barangay Peñaranda, Kabasalan noong Marso 21.

Nagdudulot ng peligro at matinding hirap ang mga operasyon ng militar at pulis sa mga baryong kanilang inookupa. Sa Samar, iniulat ng BHB ang pag-ooperasyon ng mga sundalo na walang karampatang pag-iingat na medikal. Saklaw ng operasyon ang hindi bababa sa 15 bayan ng Northern, Eastern at Western Samar.

Malawakan din ang mga operasyon sa mga isla ng Negros at Mindoro, Davao Region, Zamboanga Peninsula gayundin sa mga prubinsya Sorsogon, Palawan, Capiz, Sultan Kudarat, Saranggani, Misamis Occident at Surigao del Sur. (*Para sa talahanayan, sumangguni sa website ng PKP sa* www.cpp.ph.) AB



Ang mga nakabilog ay tumutukoy sa bilang ng bayan/syudad

## Pambobomba ng AFP sa Bukidnon at Davao, tuluy-tuloy

Naglunsad ng serye ng pambobomba at patuloy ang nakapokus na mga opensibang militar ng Armed Forces of the Philippines sa hangganan ng Bukidnon at Davao sa kabila ng tigil-putukan sa panahon ng Covid-19. Ayon sa ulat ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Bukidnon, walang patumanggang naghulog ng limang 230-kilo (o 500-libras) na bomba ang Philippine Air Force at 4th ID malapit sa dalawang komunidad ng mga Lumad sa Barangay Mandahikan, Cabanglasan noong Marso 27.

Tatlong bomba ang inihulog dakong alas-9 ng umaga, at dalawa pa dakong alas-2 ng hapon. Nagdulot ito ng troma sa mga bata at residente sa komunidad. Nawasak sa pambobomba ang kapaligiran na pangunahing pinagkukunan ng mga Lumad ng kanilang pagkain at kabuhayan.

Matapos ang dalawang araw, nagpakawala naman ang militar ng sampung *rocket* sa parehong barangay dakong tanghali. Nagpakawala rin ng mga bala ang mga kanyon na nakapwesto sa kanugnog na barangay sa Loreto, Davao del Norte. Matapos ang pambobomba, buong araw na nagpalipad ng eroplanong pangsarbeylans na Cessna ang militar sa erya, at nagdeploy ng dagdag na kolum ng sundalo para magsagawa ng mga operasyong kombat.

Samantala, nagdeploy din ng dalawang kolum at tatlong *armored fighting vehicle* ang militar sa Sityo Tapayanon, Barangay Gupitan, Kapalong, Davao del Norte. Noong Marso 24, sinalakay ng mga elemento ng 60th at 56th IB ang isang yunit ng BHB na nakakampo sa lugar. Pinalabas ng militar na sila ang inatake ng BHB kahit pa malinaw na naglulunsad ang mga sundalo ng mga operasyong kombat. Sa katunayan, bago pa man ang labanan ay nagpwesto na ang militar ng mga kanyon para suportahan ang mga nag-ooperasyon nitong tropa.

Nireyd din ng militar ang kampo ng BHB sa Little Baguio, San Fernando, Bukidnon noong Marso 29 dakong alas-2 ng madaling araw.

Iniulat din ng mga residente na nagpapatuloy ang mga operasyon militar sa mga Barangay ng Kibongcog at Poblacion, San Fernando; Barangay Concepcion, Valencia; Santa Filomena, Quezon; Barangay Bulonay at Kalabugao, Impasugong; Barangay Busdi, Caburacanan, Manalog, Saint Peter at Zamboanguita, Malaybalay City; at Barangay Poblacion, Cabanglasan.

Nagpwesto rin ang mga sundalo ng dalawang kanyon sa Sityo Nursery, Barangay Concepcion at isa pa sa Sityo Salaysay sa Barangay Santa Filomena.

Patuloy na nagpapalipad ng mga eroplanong paniktik at *drone* ang militar sa nasabing mga erya mula pa noong huling linggo ng Marso. AB

## Lider-magsasaka sa Surigao, pinaslang

Sa harap ng krisis na dulot ng pandemyang Covid-19, binaril at pinatay ng mga armadong ahente ng estado si Nora Apique, 66, lider-magsasaka ng Kahugpungan sa mga Mag-uuma sa Surigao del Sur, balangay ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Papauwi na si Apique nang barilin siya sa Barangay Patong, San Miguel, Surigao del Sur noong Marso 31.

Tagapangulo si Apique ng Municipal Agrarian Reform Committee (ARC) at kasapi ng Provincial ARC. Lumahok siya sa karaban na inilunsad ng KMP-Caraga papuntang Metro Manila para manawagan ng libreng irigasyon. Si Apique ang ika-249 na magsasakang pinaslang sa ilalim ng rehimeng Duterte.

Samantala, inaresto sa Barangay Diatagon, Lianga ng mga pulis at elemento ng 3rd Special Forces Battalion ang lider-Manobo na si Gloria Tomalon noong Marso 16. Kilala siya sa aktibong paglaban sa operasyon sa pagmimina ng limang multinasyunal na kumpanya sa Andap Valley Complex na dumadambong sa kanilang lupang ninuno. Si Tomalon ay kapatid ni Bayan Muna Rep. Eufemia Cullamat.

Inaresto rin ng mga pulis at elemento ng 6th IB ang silbilyan na si Leon Tacduro sa Sitio Kipopo, Barangay Keytodak, Lebak, Sultan Kudarat noong Marso 16.


Sina Tomalon at Tacduro ay kapwa inakusahan na mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan at sinampahan ng gawa-gawang mga kaso.

Labing-isang magsasakang Lumad ang iligal na inaresto ng mga tropa ng 71st IB sa Sityo Manggapaluway sa Pantukan, Davao de Oro noong Marso 30. Galing ang mga magsasaka sa pangangaso ng baboy sa kagubatan nang sila ay hulihin.

Sa Negros Occidental, hinalughog ng mga elemento ng 94th IB ang mga bahay sa Barangay Luz, Guihulngan City at iligal na inaresto ang magsasakang si Teodoro Bolhano, residente ng Barangay Budlasan, Canlaon City noong Abril 3. Samantala, nagpapatuloy ang mga operasyong militar sa mga sityo ng Kambairan at Sampungan sa Barangay Trinidad sa Guihulngan City.

Samantala, niransak ng mga tropa ng 44th IB ang bahay ng magsasakang Lumad na kinilalang Boy Tupaw sa Barangay Cianan, Godod, Zamboanga del Norte noong huling linggo ng Marso. Ninakaw ng mga sundalo ang kanyang pera at pinagbabaril ang kanyang mga alagang manok. AB

# ASF: Pandemya sa mga alagang baboy



May pandemya nang kumakalat sa mundo bago pa lumaganap ang Covid-19. Ito ang pandemya ng African Swine Fever (ASF), isang sakit na kumakapit at pumapatay sa inaalagaang mga baboy. Hindi ito nakahahawa sa tao pero malaki ang pinsalang idinudulot nito sa kabuhayan ng mga magsasaka. Wala pang nadidiskubreng gamot o bakuna laban sa ASF kaya kailangang patayin ang lahat ng baboy sa mga apektadong lugar para pigilan ang pagkalat ng sakit. Mayroon itong 100% *fatality rate* o walang nabubuhay sa mga nahahawaan.

Tulad ng Covid-19, nagsimula ang kasalukuyang pandemya ng ASF sa China noong 2018. Sa unang siyam na buwan ng 2019, 100 milyong baboy ang namatay at kinailangang patayin. Patuloy pa itong nananalasa hanggang ngayon. Ang China ang pinakamalaking importer, prodyuser at tagakonsumo ng karneng baboy sa buong mundo.

Unang lumitaw ang bayrus na nagdudulot ng ASF sa Kenya noong 1921. Nananatili itong *endemic* (o hindi lumabas) sa Africa hanggang 1957. Pinaniniwalaang nagmula ito sa kuto ng baboyramo. Noong 2007, tumalon ito sa Europe, at mula roon ay kumalat sa Asia.

Ang pagkalat ng ASF ay nagmula sa dambuhalang mga babuyan, manukan at rantso na matatagpuan sa mga kapitalistang bansa. Dito, malawakan at walang pakundangan ang paggamit ng mga gamot na tinatawag na *antimicrobial*. Ang mga ito ay gamot na pamatay sa mga *virus*, bakterya, mikrobyo at iba pang klase ng mga mikroorganismo. Kabilang sa mga gamot na ito ang mga antibayotiko at kemikal pangkalinisan tulad ng *chlorine*. Ibinibigay ito sa lahat ng mga hayop, mula pagkapanganak hanggang paglaki. Ihinahalo ito sa pagkain at tubig bilang pampabigat at pampalaki (*growth promoter*).

Ang regular at matagalang paggamit ng mga *microbial* sa walang sakit na mga hayop ay nagbubunga ng mga bakterya na may malakas na resistensya o kaya'y di na tinatablan ng mga antibayotiko. Sa katagalan, hindi na tinatablan ng gamot ang mga baboy kapag dinapuan sila ng sakit. Lalo nitong itinataas ang bulnerabilidad ng naturang mga hayop sa mga bago at mas mabagsik na tipo ng impeksyon. Nagreresulta ito sa madalas at di nagagamot na mga impeksyon na mabilis na naikakalat sa iba pang pabrika ng hayop at kung *zoonotic* (o naisasalin sa tao), umaabot sa tao sa kalaunan.

Mula pa dekada 1940 ginagamit ang naturang mga gamot sa mga babuyan at manukan. Pero naging mas malawakan at walang pakundangan ang paggamit dito nang pinalaki ang mga babuyan at manukan tungong mga *factory farm* para tugunan ang papalaking internasyunal na demand para sa karne.

Ngayon ay laganap na ang labis na paggamit ng mga *microbial* laluna sa US at China. Sa China, halimbawa, tinatayang umabot sa 34 milyong kilo ang *antimicrobial* na ginamit sa mga hayupan noong 2012. Sa US, nasa 13.6 milyon ang ginamit nitong *antimicrobial* noong 2011. Pinakamarami rito ay mga antibayotiko na *chlortetracycline* at *penicilin*, mga gamot na ginagamit din sa tao.

Mas malala, ang mga antibayotiko na ito ay naipapasa sa tao sa pamamagitan ng kontaminasyon ng lupa, tubig at hangin. Ayon sa mga eksperto, 75% ng mga antibayotiko na ibinibigay sa mga hayop ay inilalabas din nila sa pamamagitan ng ihi at tae. Ang mga ito ay humahalo sa lupa, naaanod sa mga ilog at kalauna'y umaabot sa pinagkukunan ng tao ng tubig. Madalas ding gamitin ang tae (pareho ng baboy at manok) bilang organikong pataba ng lupa sa mga sakahan, at sa pamamagitan nito, sumusuot ang antibayotiko sa produktong pagkain. AB

### Mga babuyan, luging-lugi sa ASF

INIREREKLAMO NG MGA magsasakang Pilipino ang lubhang napakababa na danyos na ibinibigay sa kanila ng Department of Agriculture (DA) sa harap ng pagkalat ng pandemyang ASF sa bansa. Umaabot lamang sa P3,000-P5,000 kada baboy na kailangang patayin ang ibinibigay ng DA. Umaabot sa P9,000/baboy ang karaniwang presyo kapag binibili ito sa mga sa palengke. Nasa 13 milyon ang populasyon ng inaalagaang baboy sa Pilipinas. Kwarenta porsyento (40%) nito ay inaalagaan sa mga bakuran ng maliliit na magsasaka.

Mula nang unang lumitaw ang ASF sa bansa noong Agosto 2019 hanggang Marso, umaabot na sa 251,450 baboy ang naitalang namatay at pinatay para pigilan ang pagkalat ng sakit. Apektado nito ang mga babuyan sa mga prubinsya ng Bulacan, Nueva Ecija, Quezon, Batangas, Rizal, Cavite. Aurora, Benguet, North Cotabato, Davao City, at Davao Occidental at Sur.

Tinatayang umaabot na sa P1 bilyon ang halaga ng nawalang kita dulot ng ASF noong 2019. Nasa P80 milyon naman ang tinatayang mawawala sa Davao Occidental at Davao City nitong taon. AB